# الإيمان بالملائكة باللغة الفلبينية

# ANG PANINIWALA SA MGA ANGHEL


**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

Ang mga Anghel ay nabibilang sa mga nilikha ng Allah ﷻ , at sila ay nilikha mula sa liwanag, mga Anghel ay nilikha ng Allah ﷻsa dahilan na sumunod at magsamba lamang kay Allah .ﷻSinabi ng Allah ﷻsa Qur'an: "Hindi sumusuway ang mga Anghel sa mga kautusan ng Allah, at mga bilin ay kanilang sinusunod".

Hindi natin makakaya na bilangin ang mga Anghel, at Allah ﷻang lubos na nakakaalam ng kanilang bilang. Ang paniniwala sa mga Anghel ay bahagi ng haligi ng pananampalataya ng isang Muslim, at hindi mabubuo ang pananampalataya ng isang Muslim kung ang mga Anghel ay hindi nya paniniwalaan.

Ating mabubuod ang paniniwala sa mga Anghel sa apat na bagay:

**Una**: Dapat nating paniwalaan na mayroong mga Anghel, at sila ay nabibilang sa mga nilikha ng Allah .ﷻ

**Pangalawa**: Paniniwalaan ang kanilang mga pangalan na nabanggit, katulad ng; Jibril, Israfil, Mikail at iba pa.

**Pangatlo**: Paniniwalaan ang kanilang mga katangian na nabanggit, katulad ng naiulat sa katangian ng Anghel na si Jibril na sya ay mayroong anim na daan na pakpak.

**Pang-apat**: Ating paniniwalaan na sila ay may kanya-kanyang tungkulin, ang tungkulin ni Jibril عليه السلام ay pagbaba ng mga rebelasyon sa mga propeta, si Malak Al-Mawt ay anghel na naatasan sa ating pagpanaw, si Israfil ay anghel at kanyang tungkulin ay ang pag-ihip ng trompeta sa Araw ng Paghuhukom, habang si Mikail ay naatasan para sa ulan.

May mga Anghel din na para sa pagbabantay sa mga tao, sinabi ng Allah ﷻ: "May mga Anghel na nagpapalit-palitan sa harapan at likuran ng bawa't tao, sila ay nagbabantay sa pamamagitan ng kautusan ng Allah".

Sa trono ng Allah ﷻ ay may mga Anghel rin na nagbubuhat, at may mga Anghel na nasa Bayt Al-Ma'mur, ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Ako ay inangat sa Bayt Al-Ma'mur, at sinabi ni Jibril عليه السلام: "Ito ang Bayt Al-Ma'mur, dito ay may pitong libo na Anghel na nagdadasal araw-araw at kapag sila ay lumabas mula dito, hindi na sila babalik".

May mga Anghel na para sa pagsusulat ng ating mga gawain dito sa lupa, kanilang sinusulat ang ating gawain, ito man ay mabuti o masama.

Dito ay ating malalaman, gaano kahalaga ang ating paniniwala sa mga Anghel; dahil ang pagtaliwas sa paniniwala sa mga Anghel ay pagtaliwas sa Allah ﷻ, sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: "Sabihin mo O Muhammad! Sinuman ang kaaway ng Allah, at ng Kanyang Anghel, Propeta, at kaaway ni Jibril at Mikail, tunay na si Allah ay kaaway ng mga di-naniniwala".

*والله تعالى أعلم...*